



COVID-19 Screening para sa mga bata/estudyante

Pakisagutan bago pumasok sa lugar ng child care/JK-12 na paaralan.

Na-update Setyembre 1, 2021

Pangalan: _____ Petsa: _____ Oras: _____

1. Nararanasan ba ng bata/estudyante ang alinman sa sumusunod na bago o lumalalang mga sintomas?*



Lagnat na $>37.8^{\circ}\text{C}$ at/ o pangangatal

Oo Hindi



Ubo

Oo Hindi



Hirap sa paghinga

Oo Hindi



Humina o pagkawala ng panlasa o pang-amoy

Oo Hindi



Pagduruwal, pagsusuka o pagtatae

Oo Hindi

*Kung ang bata/estudyante ay may kondisyon sa kalusugan na nadayagnos ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa kanila ng naturang sintomas, piliin ang "Hindi." Kung ang sintomas ay bago, iba o lumalala, piliin ang "Oo."

Kung "Oo" sa alinmang sintomas:



Manatili sa bahay at ihiwalay ang sarili



Magpa-suri **O kaya**



Makipag-ugnay sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan

2. Mayroon bang sinuman sa inyong bahay ang may isa o higit pang mga sintomas ng COVID-19 at/o naghihintay ng mga resulta ng pagsusuri matapos magkaroon ng mga sintomas? Oo Hindi

• Kung ang bata/estudyante ay ganap na nabakunahan* o nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at nadeklarang clear na, piliin ang "Hindi."

3. Sa nakaraang 10 araw, nasuri ba ang bata/estudyante na positibo sa rapid antigen test o home-based self-testing kit? Oo Hindi

• Kung nasuri silang negatibo magmula noon sa isang PCR test sa laboratoryo, piliin ang "Hindi."

4. Naabisuhan ba ang estudyante/bata bilang malapit na kontak ng isang tao na may COVID-19 o nasabihang manatili sa bahay o ihiwalay ang sarili? Oo Hindi

• Kung ang bata/estudyante ay ganap nang nabakunahan* o nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at nadeklarang clear na o sinabi ng ahensiya ng kalusugan ng publiko na ang bata/estudyante ay hindi kailangang ihiwalay ang sarili, piliin ang "Hindi."

5. Sa nakaraang 14 na araw, pumunta ba ang bata sa labas ng Canada AT pinayuhang mag-quarantine ayon sa [mga iniaatas ng pederal na pamahalaan kaugnay ng quarantine](#)? Oo Hindi

Kung "Oo" sa mga tanong 2, 3, 4 o 5:



Manatili sa bahay at ihiwalay ang sarili



Sundin ang payo ng ahensiya ng kalusugan ng publiko



* Ang ibig sabihin ng ganap na nabakunahan ay 14 na araw o higit pa matapos makuha ang pangalawang dosis ng serye ng dalawang dosis na bakuna o isang dosis ng serye ng solong dosis.

**Sinumang maysakit o mayroong anumang mga sintomas ng karamdaman ay dapat manatili sa bahay at humingi ng pagsusuri mula sa kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan kung kinakailangan.



ANG AKING ANAK/ESTUDYANTE AY MAY 1 O HIGIT PANG MGA SINTOMAS NG COVID-19.

ANG BATA/ESTUDYANTE AY DAPAT MANATILI SA BAHAY, IHIWALAY ANG SARILI AT MAGPASURI.

Abisuhan ang child care/paaralan na mayroon silang mga sintomas.

ANO ANG RESULTA NG PAGSUSURI SA COVID-19?

POSITIBO

- Ipaalam sa child care/paaralan na nasuri silang positibo para sa COVID-19.
- Kailangang manatili sa bahay ang bata/estudyante at ihiwalay ang sarili nang 10 araw magmula sa araw na nagsimula ang kanilang mga sintomas. Maaari silang bumalik sa ika-11 na araw, kahit pa may isang tao sa bahay na nagkaroon ng mga sintomas.
- Ang mga miyembro ng sambahayan at malalapit na kontak na hindi ganap na nabakunahan ng bakuna sa COVID-19* ay kailangang ihiwalay ang sarili nang hindi bababa sa 10 araw at dapat magpasuri.
- Kokontakin ka ng Toronto Public Health para magsagawa ng imbestigasyon at magbibigay ng mga karagdagang instruksiyon.

NEGATIBO

Ang bata/estudyante ba ay isang malapit na kontak ng isang taong nasuring positibo sa COVID-19 sa nakaraang 10 araw?

- Hindi
- Kung ang bata/estudyante ay hindi ganap na nabakunahan*: kailangan nilang ihiwalay ang sarili nang 10 araw magmula sa huling pagkakatantad sa taong naging positibo.
- Kung ang bata/estudyante ay ganap na nabakunahan*: Maaari silang bumalik sa 24 na oras matapos magsimulang bumuti ang kanilang mga sintomas (48 oras para sa pagduruwal, pagsusuka o pagtatae).
- Kung ang bata/estudyante ay nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at nadeklarang clear na: maaari silang bumalik sa 24 na oras matapos magsimulang bumuti ang kanilang mga sintomas (48 oras para sa pagduruwal, pagsusuka o pagtatae).
- Kung ang bata/estudyante ay nakatanggap lang ng notipikasyon ng pagkakatantad sa pamamagitan ng COVID Alert app: maaari silang bumalik sa 24 na oras matapos na magsimulang bumuti ang kanilang mga sintomas (48 oras kung may pagduruwal, pagsusuka o pagtatae).

Ang mga magkakapatid at nasa hustong gulang sa bahay na pumapasok sa lugar ng child care/paaralan ay maaaring bumalik kaagad basta't wala nang iba pang miyembro ng sambahayan ang may mga sintomas.

HINDI NASURI

- Ang bata/estudyante ay kailangang manatili sa bahay at ihiwalay ang sarili nang 10 araw magmula sa araw na nagsimula ang mga sintomas. Sa araw 11, maaaring bumalik ang bata/estudyante sa lugar ng child care/ paaralan kung bumubuti ang kanilang mga sintomas.
- Ang sinuman sa sambahayan na hindi ganap na nabakunahan* o na hindi nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at na-clear ay kailangang ihiwalay ang sarili hanggang makakuha ang bata/estudyante ng negatibong pagsusuri sa COVID-19 o pagkalipas ng 10 araw.
- Kung ang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay may nadayagnos na kondisyon na hindi nauugnay sa COVID-19, ang bata/estudyante ay maaaring bumalik sa 24 na oras pagkatapos na bumuti ang kanilang mga sintomas (48 oras para sa pagduruwal, pagsusuka o pagtatae). Ang mga miyembro ng sambahayan ay hindi kailangang manatili sa bahay.



Kung ang bata/estudyante ay pumunta sa labas ng Canada sa nakalipas na 14 na araw:

- Kailangang sundin ng bata/estudyante ang mga alituntuning pederal para sa quarantine at pagsusuri matapos bumalik mula sa pagbibiyaha sa ibang bansa.
- Kung ang bata/estudyante ay ganap nang nabakunahan maaaring hindi na sila mag-quarantine. Kung ang bata/estudyante ay hindi ganap na nabakunahan, hindi sila dapat pumasok sa paaralan/child care nang 14 na araw, kahit pa nabakunahan ang kasama nila sa biyahe.
- Sundin ang mga iniaatas ng pederal na pamahalaan para sa mga naglalakbay.

*Ang ibig sabihin ng ganap na nabakunahan ay 14 na araw o higit pa matapos makuha ang pangalawang dosis ng serye ng dalawang dosis na bakuna o isang dosis ng serye ng solong dosis.